**The Gospel Expressed**

# Ang mga Kaloob ng Biyaya ng Diyos

WEEK 18

## WARM-UP

- Sa anong asignatura sa eskwelahan ka naging mahusay? Anong mga asignatura ang nahirapan ka?
- Mas magaling ka ba kung nagtatrabaho ka kasama ang isang pangkat o kung mag-isa ka lamang? Magkwento tungkol dito.
- Magbigay ng isang halimbawa kung paano mo ipinapahayag ang iyong pasasalamat sa isang tao na tumulong sa iyo.

## WORD

*[4]Kung paanong ang katawan ay binubuo ng maraming*
*bahagi at ang bawat bahagi ay may kanya-kanyang*
*gawain, [5]ganoon din tayong mga mananampalataya.*
*Kahit na marami tayo, iisang katawan lang tayo kay*
*Cristo, at magkakaugnay tayo sa isa't isa. [6]Iba't iba ang*
*kakayahang ibinigay sa atin ng Diyos ayon sa kanyang*
*biyaya, kaya gamitin natin ang mga kaloob na iyan.*
*Kung ang kaloob ng isang tao ay pagpapahayag ng salita*
*ng Diyos, kailangang ipahayag niya ito ayon sa kanyang*
*pananampalataya. [7]Kung ang kaloob niya ay paglilingkod*
*sa kapwa, maglingkod siya. Kung pagtuturo, magturo*
*siya; [8]kung pagpapayo, magpayo siya nang mabuti;*
*kung pagbibigay, magbigay siya nang maluwag; kung*
*pamumuno, mamuno siya nang buong sikap; at kung*
*pagtulong sa nangangailangan, tumulong siya nang may*
*kagalakan.* **MGA TAGA-ROMA 12:4–8**

(Basahin din ang **MGA TAGA-ROMA 12:1–8.**)

Ang unang 11 kabanata ng Mga Taga-Roma ay tungkol sa ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng ginawa ni Cristo. Ipinaliwanag ni Pablo kung paano tayo pinatawad ng Diyos, ginawang matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, pinalaya mula sa kasalanan at sa Kautusan, inampon at ginawang Kanyang mga anak, at bibigyan ng kaluwalhatian sa pagbabalik ni Jesus. Ang Mga Taga-Roma 12

## APPLICATION

- Ang tunay na pagsamba ay pagsamba sa Diyos nang buo nating pagkatao at sa araw-araw nating pamumuhay. Ano ang ilang bagay na maaari mong baguhin upang sambahin ang Diyos sa iyong araw-araw na pamumuhay?
- Tayo ay nagbabago dahil sa pagbabago ng ating mga isip. Ano ang mga kaisipan at pag-uugali na sinasabi ng Diyos na baguhin mo ngayon?
- Paano mo ginagamit ang mga kaloob sa iyo ng Diyos upang makapaglingkod sa Iglesya? Paano mo magagawang paglingkuran ang iba pa sa iglesya, maibahagi ang ebanghelyo, at makapaglingkod sa lipunan?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa mga kaloob na ibinigay Niya sa iyo. Ipanalangin na palakasin Niya ang iyong pananampalataya habang ginagamit mo ang mga kaloob na ito upang paglingkuran ang iba.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan upang sambahin mo Siya ng buong puso. Ipanalangin na araw-araw mong maaalala na ibigay sa Kanya ang iyong sarili bilang isang handog na buhay.
- Ipanalangin na makita ng iyong mga kapamilya at kaibigan na hindi pa nakakakilala sa Diyos ang Kanyang kapangyarihan na nagdadala ng pagbabago. Hilingin ang mga bagay na maaari mong gawin upang mapaglingkuran sila gamit ang mga kaloob na ibinigay Niya sa iyo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

naman ay tungkol sa nararapat nating tugon sa lahat ng kabutihan at habag na ipinakita sa atin ng Diyos.

## 1 Ibigay natin ang ating mga sarili sa paglilingkod sa Diyos.

*Kaya nga mga kapatid, nakikiusap ako sa inyo alang-alang sa maraming pagkakataong kinaawaan tayo ng Diyos, ibigay ninyo sa kanya ang inyong mga sarili bilang mga handog na buhay, banal at kalugod-lugod sa kanya. Ito ang tunay na pagsamba sa kanya.* **MGA TAGA-ROMA 12:1**

Ang salitang "tunay na pagsamba" ay may pakahulugan na "tapat at totoo," at ito rin ay nangangahulugang "makatwiran, kapani-paniwala, at lohikal" sa orihinal na salitang ginamit. Sinabi ni Pablo na ang tunay, makatwiran, at nararapat na tugon sa habag ng Diyos ay ang ibigay ang ating sarili, ang ating ganap na pagkatao at buhay, sa Kanya. Ang tunay na pagsamba at paglilingkod sa Diyos ay hindi lamang tungkol sa panahong ibinibigay natin upang umawit, manalangin, at magbasa ng Kanyang salita. Subalit sinasamba natin Siya nang buo nating pagkatao at sa ating araw-araw na pamumuhay. Ano ang ilan sa mga paraan kung paano mo sinasamba ang Diyos sa iyong trabaho, pag-aaral, pamilya, at mga relasyon?

## 2 Magbago sa pamamagitan ng pagbabago ng ating mga isip.

*[2]Huwag ninyong tularan ang mga pag-uugali ng mga tao sa mundong ito. Hayaan ninyong baguhin kayo ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong mga isip, para malaman ninyo ang kalooban ng Diyos—kung ano ang mabuti, ganap, at kalugod-lugod sa kanyang paningin. [3]Sa biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa akin, sinasabi ko sa inyo na huwag ninyong pahalagahan ang inyong sarili nang higit sa nararapat. Sa halip, suriin ninyong mabuti ang inyong kakayahan ayon sa pananampalatayang ibinigay ng Diyos sa inyo.* **MGA TAGA-ROMA 12:2,3**

Ipinaliwanag ni Pablo kung paano natin maaaring ihandog ang ating mga sarili sa Diyos sa ating pagsamba. Kailangang magkaroon ng pagbabago sa ating mga isipan, pagbabago sa ating mga pananaw na nagdadala ng ganap na pagbabago. Sinasabi niya na hindi dapat pahalagahan ang ating *sarili nang higit sa nararapat*, at sa halip ay suriing mabuti ang ating *kakayahan ayon sa pananampalatayang ibinigay ng Diyos* sa atin. Ang ating mga pag-iisip ay magbabago ayon sa pananaw na tayo ay hindi kumpleto sa ating sarili, tayong lahat ay binigyan ng iba't ibang kaloob, at ang mga mananampalataya ay bahagi ng iisang katawan. Sa paanong paraan binago ng Diyos ang iyong pag-iisip? Paano nakatutulong ang pagbabago ng kaisipan ng bawat isa sa kabuuan ng katawan ni Cristo?

## 3 Gamitin ang mga ibinigay sa atin na kaloob ng Diyos upang pagsilbihan ang iba.

*Iba't iba ang kakayahang ibinigay sa atin ng Diyos ayon sa kanyang biyaya, kaya gamitin natin ang mga kaloob na iyan. Kung ang kaloob ng isang tao ay pagpapahayag ng salita ng Diyos, kailangang ipahayag niya ito ayon sa kanyang pananampalataya.* **MGA TAGA-ROMA 12:6**

Kapag ang ating pananaw ay nagbago, mauunawaan natin kung paano natin maihahandog ang ating mga sarili sa Diyos. Ang mga tao sa iglesya ay hindi nagsasarili, kundi ay bahagi ng iisang katawan, at ang bawat isa ay may kani-kaniyang tungkulin. Inihahandog natin ang ating sarili sa Diyos sa pamamagitan ng paggamit ng mga ipinagkaloob sa atin upang paglingkuran ang isa't isa. Hindi kailangan na labis ang kaloob na mayroon tayo o kaya ay may kahusayan na tayo sa ipinagkaloob sa ating kakayahan bago tayo makapaglingkod. Dapat tayong maglingkod ayon sa kaloob at pananampalataya na mayroon tayo ngayon. Paano mo ginamit ang mga kaloob na ibinigay sa iyo ng Diyos upang mapaglingkuran ang Iglesya?